# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 22, 2023, LUNES, IKA-09:34 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad – sick leave |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President<br>Nasa Lakad-Opisyal |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: Date: 01 JUN 2023 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 331-T2023**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 1-T2023 NG LOCAL DEVELOPMENT COUNCIL ANG PAGPAPATIBAY NG EXECUTIVE AT LEGISLATIVE AGENDA (ELA) 2022-2025 NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, nagkaroon ng pagliliwat ang Kgg Edgar S. San Luis na may petsa Abril 13, 2023 tungkol sa Executive-Legislative Agenda (ELA) 2022-2025 ng Bayan ng Santa Cruz Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg 1-T2023 ng Local Development Council;

**SAPAGKAT**, ang Executive Legislative Agenda ng isang bayan ay nagtatakda ng direksyon ng pamahalaang lokal sa nilolooban ng tatlong taon kasama ang mga layunin, programa at mga prayoridad ng naaayon sa Vision at Mission ng pamahalaan. Kinakailangan ang partisipasyon ng mga stakeholders o kasapi sa pamayanan mula sa pangangailangan, pagpapatupad at pagsusuri. Ito ay nagrerepresenta ng kolektibong pangarap o hinahangad, pangangailangan at mga prayoridad para sa kagalingan ng mamamayan ng bayang ito;

**SAPAGKAT,** ito ay iniliwat sa mga Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan at Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa kanilang pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri ito ay inirekomenda para sa pagpapatibay.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Mabuting Pamamahala, Pampublikong Asal at Pampublikong Pananagutan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Norman T. Tolentino at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin **ANG KAPASIYAHAN BLG. 1-T2023 NG LOCAL DEVELOPMENT COUNCIL ANG PAGPAPATIBAY NG EXECUTIVE AT LEGISLATIVE AGENDA (ELA) 2022-2025 NG BAYAN NG SANTA CRUZ. LAGUNA.**

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at mga may kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 22, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

5/30/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

052923324